## *Bantay Yugto 7*
## *Ang Ministerio ng mga Nakatatandang kapatid na Lalaki at Babae*

Ang Banal na Kasulatan ay patuloy na ituturo sa atin at itutuwid tayo at ipapakita sa atin ang ating mga pananagutan sa Dios at sa isa't isa. Matutunan natin sa mensaheng ito ang halimbawa ng ministerio ng bantay sa pagpukaw mula sa halimbawa ni Mariam at ang ginawa niya at iniambag sa buhay ng kanyang kapatid na si Moises. Ang talaang ng pamilya ng pamilya ni Moises ay tulad ng sumusunod: ***"59 At ang pangalan ng asawa ni Amram ay Jochabed, na anak na babae ni Levi, na ipinanganak kay Levi sa Egipto: at ipinanganak niya kay Amram si Aaron at si Moises, at si Miriam na kapatid nila." (Bilang 26:59 KJV)***

Ngayon basahin natin ang pangyayari kung paano nakaligtas si Moises sa kamatayan at kung paanong ginawa ni Mariam ang kanyang tungkulin bilang isang nakatatandang kapatid na babae upang iligtas ang kanyang kapatid.

***"1 At isang lalake sa lipi ni Levi ay yumaon, at nagasawa sa isang anak na babae ng lipi ni Levi.. 2 At ang babae ay naglihi, at nanganak ng isang lalake: at nang kaniyang makita na maganda, ay kaniyang itinagong tatlong buwan. 3 At nang hindi na niya maitatagong malaon ay ikinuha niya ng isang takbang yantok, at pinahiran niya ng betun at ng sahing; at kaniyang isinilid ang bata roon, at inilagay sa katalahiban sa tabi ng ilog. 4 At tumayo sa malayo ang kaniyang kapatid na babae, upang maalaman ang mangyayari sa bata. 5 At ang anak na babae ni Faraon ay lumusong upang maligo sa ilog; at nagsipaglakad ang kaniyang mga abay sa tabi ng ilog; at kaniyang nakita ang takba sa katalahiban, at ipinakuha sa kaniyang abay. 6 At kaniyang binuksan, at nakita niya ang bata: at narito, ang sanggol ay umiyak. At kaniyang kinaawaan at sinabi, Ito'y isa sa mga anak ng mga Hebreo. 7 Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang kapatid na babae sa anak ni Faraon, Yayaon ba ako at itatawag kita ng isang sisiwa sa mga babaing Hebrea, na makapagalaga sa iyo ng batang ito? 8 At sinabi sa kaniya ng anak ni Faraon, Yumaon ka. At ang dalaga ay yumaon, at tinawag ang ina ng bata. 9 At sinabi ng anak ni Faraon, sa kaniya, Dalhin mo ang batang ito, at alagaan mo sa akin, at bibigyan kita ng iyong kaupahan. At kinuha ng babae ang bata, at inalagaan. 10 At ang bata ay lumaki, at kaniyang dinala sa anak ni Faraon, at siya'y kaniyang inaring anak. At kaniyang pinanganlang Moises, at sinabi, Sapagka't aking sinagip siya sa tubig." (Exodu 2:1-10 KJV)***

At nang siya ay hindi na maitago ng ina ni Moises, ay naghanda siya ng isang takbang yantok, at pinahiran niya ng betun at ng sahing, at inilagay niya roon ang bata, at inilagay sa gitna ng mga talahiban sa pampang ng Ilog Nilo. Ngayon ay wala nang magagawa ang mga magulang para sa bata, ngunit patuloy na ginagawa ni Miriam ang kanyang tungkulin bilang isang responsableng bantay na nag-aalaga at nagbabantay sa kanyang kapatid na si Moises: ***"4 At tumayo sa malayo ang kaniyang kapatid na babae, upang maalaman ang mangyayari sa bata." (Exodu 2:4 KJV)***

***1. Nakatayo siya sa malayo:*** Naging responsable siya sa kanyang ministro. Ang ating nakatatandang mga anak ay dapat turuan na sila'y tinawag upang alagaan ang kanilang nakababatang mga kapatid na lalaki at babae. Tayo ay tinawag upang turuan ang ating mga alagad na sila'y tinawag upang maging responsable kasama natin sa pangangalaga para sa bagong dating na mananampalataya.

***2. Upang makita kung anong mangyayari sa kanya:*** Si Mariam ay tapat na bantay. Tinaglay niya ang sakit at ang pananagutan kasama ng kanyang mga magulang upang alagaan at protektahan ang kanyang nakababatang kapatid na si Moises. Ang ating nakatatandang mga anak ay dapat tanggapin ang hirap at pananagutan kasama natin para sa kanilang nakababatang kapatid na lalaki at babae. Dapat makibahagi ang ating mga alagad sa pasakit at pananagutan na pangalagaan ang mga bagong darating na mananampalataya. Ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si JesuCristo ay ang panganay sa maraming kapatid na lalaki at babae. Siya ang panganay na kapatid na ibinigay ang kanyang buhay at nagmalasakit sa atin. Sa parehong paraan may malasakit tayo sa ating mga anak at sa bagong mga alagad. At tuturua natin ang ating mga nakatatandang mga anak at alagad na pangalagaan ang kanilang nakababatang mga kapatid na lalaki at babae at ang bagong mga dating na mananampalataya.

Nang ang batang si Moises ay kinuha at inabot sa anak na babae ni Faraon, ***"7 Nang magkagayo'y sinabi ng kaniyang kapatid na babae sa anak ni Faraon, Yayaon ba ako at itatawag kita ng isang sisiwa sa mga babaing Hebrea, na makapagalaga sa iyo ng batang ito? " (Exodu 2:7 KJV)***

***3. Natakot siya sa Panginoon:*** Ang pagkatakot sa Dios sa buhay ni Mariam ay nakita sa kanyang responsableng paninindigan sa Dios, nalalaman na si Moises ay magiging isang tapat na lingkod at epektibong kasangkapan sa kamay ng Dios upang magdala sa Kanyang bayan palabas sa kadiliman. Kumilos siya nang napakatalino, matalino at sa nasa oras at nakipag-usap nang maparaan na mga salita sa tamang tao na nag-aalala upang iligtas ang kanyang kapatid. Handa siyang umalis at handang dalhin ang kailangan ng kanyang nakababatang kapatid. Dapat nating sanayin ang ating nakatatandang mga anak at alagad kung paano pangalagaan ang kanilang mga

nakababatang kapatid at ang mga bagong mananampalataya. Handa na si Miriam na umalis at dalhin ang ina ng sanggol. Sa parehong paraan dapat tayong maging handa na yumaon sa pagtugon sa utos ni Jesus; na yumaon at gumawa ng mga alagad sa lahat ng bansa, at kailangan nating sanayin ang ating mga anak na yumaon at gawing mga disipolo ang kanilang mga nakababatang kapatid sa pananalangin sa kanila, panghihikayat sa kanila na magbasa ng Bibliya at turuan silang makasama natin ng Salita ng Dios at mga daan.

***4. Si Miriam ay kumilos ng isang mahalagang tuntunin upang maiugnay si Moises at ang mga Magulang:*** Nakatanggap siya ng lingap sa Dios nang tinanggp ng anak ng Faraon ang kanyang hiling. Kaya sa pagsang ayon ng anak ng Faraon ang kanyang hiling ang batang babae ay yumaon at kinuha ang ina ng sanggol. Sa parehong paraan bilang handa tayong tulungan ang iba. lalo na ang ating mga nakababatang kapatid na lalaki at babae at iligtas sila mula sa kanilang mga kaguluhan, bibigyan tayo ng lingap ng Dios at pagkakalooban tayo ng tagumpay sa ating misyon upang tulungan ang ating mga nakababatang kapatid.

***5. Nagdala ng kagalakan si Miram sa kanyang ina nang tinawag niya ang kanyang ina upang alagaang muli si Moises:*** Sa ating mga anak at alagad, dapat nating sanayin sila sa gayo'y maari silang maging isang mapagkukunan ng kagalakan sa atin sa pamamagitan ng pagiging epektibong ugnayan sa pagitan natin at sa ating mga nakababatang anak at sa bagong mananampalataya sa simbahan.

***6. Si Mariam ay tiyak na sinanay ng kanyang mga magulang:*** Kumilos is Mariam sa karunungan at pagkatakot sa Dios at tiyak ang kanyang pagkilos at ginabayan ng tulong ng Banal na Espritu. Ngunit huwag dapat nating kalimutan na si Mariam ay tinuruan ng mga daan ng Dios mula sa kanyang mga magulang na silang dalawa ay parehong Levita. Kaya patuloy nating turuan ang ating nakatatandang mga anak at disipolo kung paanong alagaan ang iba at lalo na ang ating mga nakababatang mga anak, ang bagong mga mananampalatay at ang ating bagong mga disipolo.

***7. Si Mariam ay may tunay na pagibig at katapatan:*** Siya ay may tunay na pagibig ng Dios at siya ay tapat na lingkod at ministro ng Dios. Taglay niya ang bunga ng Banal na Espiritu habang inaalagaan niya ang kanyang nakababatang kapatid. Tiyak na nanalangin siya para kay Moises at umaasa nang may pananampalataya na poprotekatahan siya ng Dios at ililigtas siya. Patuloy nating linangin ang tunay na pag-ibig sa ating mga puso at makita sa ating buhay, at turuan at sanayin ang ating mga anak at disipulo na gawin din ito, upang maging mga taong may pag-aalaga at pagkilos, mga taong nanalangin at umaalalay sa mga nasa problema at sa mga nangangailangan.

***8. Taglay din ni Mariam ang higit pang mga talent at mga kaloob ng Banal na Espiritu upang maglingkod sa Dios:***

***A. Kumanta si Mariam ng awitin ni Moises:*** Nagalak si Mariam nang nakita niya ang bunga ng kanyang pagpapagal, si Moises na kanyang inalagaan, ay ginamit ng Dios upang iligtas ang mga Israelta ang simbahan, at paghatol sa kaaway. ***"21 At sila'y sinagot ni Miriam, Umawit kayo sa PANGINOON, sapagka't siya'y nagtagumpay ng kaluwaluwalhati; Ang kabayo at ang sakay niyaon ay ibinulusok niya sa dagat." (Exodu 15:21 KJV)*** Bago nating turuan ang ating mga anak at bagong mga alagad na umawit sa Dios kailangan muna nating turuan sila na mahalin at alagaan ang kanilang mga nakababatang kapatid na lalaki at babae, at ang mga bagong mananampalataya, at akayin sila kay Cristo.

***B. Pinangunahan ni Mariam ang mga tao sa pagsamba at pasasayaw sa Panginoon na may mga awitin at pagsayaw sa tamborin: "20 At si Miriam na propetisa na kapatid ni Aaron, ay tumangan ng isang pandereta sa kaniyang kamay; at sumunod ang lahat ng mga babae sa kaniya, na may mga pandereta at nagsayawan." (Exodu 15:20 KJV)*** Muli, bago natin sanayin ang ating mga anak at mga alagad na mamuno sa pagsamba o sumayaw para sa Panginoon, kailangan nating tiyakin na mayroon silang pagmamahal sa pag-aalaga sa kanilang mga nakababatang kapatid at sa mga bagong mananampalataya.

***C. Si Mariam ay isang propetisa: "20 At si Miriam na propetisa na kapatid ni Aaron, ay tumangan ng isang pandereta sa kaniyang kamay; at sumunod ang lahat ng mga babae sa kaniya, na may mga pandereta at nagsayawan." (Exodu 15:20 KJV)*** Ang propeta ay ang isa na magsasabi at maghahayag ng kalooban ng Dios sa mga taong nakapaligid sa Kanya. Ginawa iyon ni Mariam sa pagpapakita n kanyang pagkalinga at pagibig at malasakit para sa kanyang kapatid na si Moises. Ang ating mga anak at disipolo ay dapat sanayin natin sila na magpahayag ng Salita ng Dios at ng kalooban ng Dios sa iba sa paggawa ng kanilang mga pananagutan at ipakita ang kanilang pagibig at pag-aalaga para sa kanilang nakababatang mga kapatid na lalaki at babae at para sa bagong mga dating na mananampalataya sa Kaharian ng Dios.

Si Mariam ay isang mahalagang lingkod ng Dios at may mahalagang tuntunin na kumilos upang maibangon hindi lamang si Moises mula sa kamatayan kundi sa wakas bilang resulta ng gawaing iyon, ang buong Israelita ay makaalis mula sa pagkaalipin sa Egipto. Kaya sa ating pagsasanay sa ating mga anak at sa bagong mga

disiplo sa aspetong ito ay mas kinakailangan upamng siguraduhing maayos, mabunga at nangangakong ministero.

Sa ***Bilang 12*** mayroong okasyon na nangyari at nagpakita ng masamang pag uugali ni Mariam at Aaron tungo sa kanilang nakababatang kapatid na si Moises. Ating basahin iyon:

***"1 At si Miriam at si Aaron ay nagsalitaan laban kay Moises tungkol sa pagkapagasawa niya sa isang babaing Cusita: sapagka't siya'y nag-asawa sa isang babaing Cusita. 2 At kanilang sinabi, Ang Panginoon ba'y kay Moises lamang nakipagsalitaan? hindi ba nakipagsalitaan din naman sa atin? At narinig ng PANGINOON. 3 Ang lalake ngang si Moises ay totoong maamong loob, na higit kay sa lahat ng lalaking nasa ibabaw ng lupa. 4 At sinalita agad ng PANGINOON kay Moises, at kay Aaron, at kay Miriam, Lumabas kayong tatlo sa tabernakulo ng kapisanan. At silang tatlo ay lumabas. 5 At ang PANGINOON ay bumaba sa isang tila haliging ulap, at tumayo sa pintuan ng Tolda, at tinawag si Aaron at si Miriam: at sila'y kapuwa lumabas. 6 At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo ngayon ang aking mga salita: kung mayroon sa gitna ninyo na isang propeta, akong PANGINOON ay pakikilala sa kaniya sa pangitain, na kakausapin ko siya sa panaginip. 7 Ang aking lingkod na si Moises ay hindi gayon; siya'y tapat sa aking buong buhay. 8 Sa kaniya'y makikipag-usap ako ng bibig, sa bibig, ng maliwanag, at hindi sa malabong salitaan; at ang anyo ng PANGINOON ay kaniyang makikita: bakit nga hindi kayo natakot na magsalita laban sa aking lingkod, laban kay Moises? 8 At ang galit ng PANGINOON ay nagningas laban sa kanila; at siya'y umalis. 10 At ang ulap ay lumayo sa Tolda; at narito, si Miriam ay nagkaketong, na pumuting gaya ng niebe; at tiningnan ni Aaron si Miriam, at narito, siya'y nagkaketong. 11 At sinabi ni Aaron kay Moises, Oh panginoon ko, isinasamo ko sa iyo na huwag mong iparatang ang kasalanan sa amin, sapagka't ginawa namin na may kamangmangan, at sapagka't kami ay nagkasala. 13 Huwag mong itulot sa kaniya, isinasamo ko sa iyo, na maging parang isang patay na tunaw ang kalahati ng kaniyang laman paglabas sa tiyan ng kaniyang ina. 13 At humibik si Moises sa PANGINOON, na sinasabi, Pagalingin mo siya, Oh Dios, ipinamamanhik ko sa iyo, 14 At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Kung siya'y niluran ng kaniyang ama sa kaniyang mukha, hindi ba siya mahihiyang pitong araw? kulungin siyang pitong araw sa labas ng kampamento, at pagkatapos ay madadala siyang muli sa loob. 15 At si Miriam ay kinulong na pitong araw sa labas ng kampamento: at ang bayan ay hindi naglakbay hanggang si Miriam ay nadalang muli sa loob. 16 At pagkatapos nito ay naglakbay ang bayan mula sa Haseroth, at humantong sa ilang ng Paran." (Bilang 12:1-16 KJV)***

Narito nagsalita sina Miriam at Aaron nang mapagmataas dahil sa kapalaluan, pagkamakasarili, at paninibugho sa kanilang nakababatang kapatid na si Moises. Iyan ay nagpapaalala sa atin ng parehong nangyari kina Cain at Abel, ang mga anak nina Adan at Eva, sa ***Genesis 4***, ***"1 At nakilala ng lalake si Eva na kaniyang asawa; at siya'y naglihi at ipinanganak si Cain, at sinabi, Nagkaanak ako ng lalake sa tulong ng PANGINOON. 2 At sa muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel. At si Abel ay tagapagalaga ng mga tupa; datapuwa't si Cain ay mangbubukid ng lupa. 3 At nangyari nang lumalakad ang panahon ay nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa PANGINOON. 4 At nagdala rin naman si Abel ng mga panganay ng kaniyang kawan at ng mga taba ng mga yaon. At nilingap ng PANGINOON si Abel at ang kaniyang handog; 5 Datapuwa't hindi nilingap si Cain at ang kaniyang handog. At naginit na mainam si Cain, at namanglaw ang kaniyang mukha. 6 At sinabi ng PANGINOON kay Cain, Bakit ka naginit? at bakit namanglaw ang iyong mukha? 7 Kung ikaw ay gumawa ng mabuti, di ba ikaw mamarapatin? at kung hindi ka gumawa ng mabuti, ay nahahandusay ang kasalanan sa pintuan: at sa iyo'y pahihinuhod ang kaniyang nasa, at ikaw ang papanginoonin niya. 8 At yao'y sinabi ni Cain sa kaniyang kapatid na kay Abel. At nangyari, nang sila'y nasa parang ay nagtindig si Cain laban kay Abel na kaniyang kapatid, at siya'y kaniyang pinatay. 9 At sinabi ng PANGINOON kay Cain, Saan naroon si Abel na iyong kapatid? At sinabi niya, Aywan ko: ako ba'y tagapagbantay sa aking kapatid? 10 At sinabi niya, Anong iyong ginawa? ang tinig ng dugo ng iyong kapatid ay dumadaing sa akin mula sa lupa." (Genesis 4:1-10 KJV)*** Gaya ng binasa nating iyon kay Cain dahil sa paninibugho at pagkamakasarili patungo sa kanyang kapatid, ay kumilos sa galit at walang pananagutan at pinatay ang kanyang kapatid na si Abel. Ang paninibugho, pagkamakasarili at galit ay mapapansin at mababasa natin iyon sa ***Lucas 15***, nang magalit ang panganay na anak sa kanyang ama dahil tinanggap niya ang kanyang nakababatang kapatid nang dumating ito nang may pagsisisi. ***"25 Nasa bukid nga ang anak niyang panganay: at nang siya'y dumating at malapit sa bahay, ay narinig niya ang tugtugan at ang sayawan. 26 At pinalapit niya sa kaniya ang isa sa mga alipin, at itinanong kung ano kaya ang mga bagay na yaon. 27 At sinabi niya sa kaniya, Dumating ang kapatid mo; at pinatay ng iyong ama ang pinatabang guya, dahil sa siya'y tinanggap niya na ligtas at magaling. 28 Datapuwa't nagalit siya, at ayaw pumasok: at lumabas ang kaniyang ama, at siya'y namanhik sa kaniya. 29 Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi sa kaniyang ama, Narito, maraming taon nang kita'y pinaglilingkuran, at kailan ma'y hindi ako sumuway sa iyong utos; at gayon ma'y hindi mo ako binigyan kailan man ng isang maliit na kambing, upang ipakipagkatuwa ko sa aking mga kaibigan: 30 Datapuwa't nang dumating itong anak mong umubos ng iyong pagkabuhay sa mga patutot, ay ipinagpatay mo siya ng pinatabang guya." (Lucas 15:25-30 KJV)***

Ang pangyayaring ito ay hindi dapat nariyan sa ating pamilya at sa loob ng simbahan. Ang nakatatanda nating mga anak at disipolo kailangan natin silang disiplinahin at sanayin na maging mapagmalasakit at mapagmahal at kumilos nang may pananagutan sa mga nakababata. Ang masamang pag-uugali ni Mariam sa ***Bilang 24*** ay hinatulan at dinisiplina ng Dios nang pahirapan siya ng ketong. Sinabi rin ng Dios kay Moises ang mga sumusunod tungkol sa kanya. ***"14 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Kung siya'y niluran ng kaniyang ama sa kaniyang mukha, hindi ba siya mahihiyang pitong araw? kulungin siyang pitong araw sa labas ng kampamento, at pagkatapos ay madadala siyang muli sa loob." (Bilang 12:14 KJV)*** Kaya dito ang Salita ng Panginoon ay nagtuturo sa atin na disiplinahin ang ating nakatatandang mga ank at disipolo kung magpapakita sila ng masamang pag-uugali at paglabag laban sa kanilang nakababatang kapatid.

Ang mga Israelita ay naantala ng pitong araw sa paghihintay kay Mariam upang maibalik at iyon ay kinakailangan at kailangan para sa buong Israelita at maging sa pagtuturo sa atin ngayon. Kailangan nating bigyang panahon at magtimpi na disiplinahin ang ating mga anak at disipolo hanggang maalis sa kanila ang gayong masamang pag-uugali ng galit, pagkamakasarili at pananaglihi tungo sa  nakababata. Iminungkahi ng Dios sa mga Israelita at sa atin ngayon ang pangyayaring na hinatulan niya ang masamang pag-uugali ni Mariam patungo kay Moises nang sinabi niya, ***"8 Magingat ka sa salot na ketong, na iyong isagawang masikap at gawin ang ayon sa lahat na ituturo sa iyo ng mga saserdote na mga Levita: kung paanong iniutos ko sa kanila ay gayon mo isasagawa. 9 Alalahanin mo ang ginawa ng Panginoon mong Dios kay Miriam sa daan nang kayo'y lumalabas sa Egipto." (Deutronomio 24:8-9 KJV)*** Galit, pagkamakasarili, pananaglihi at masamang pagtrato sa nakababatang mga kapatid at sa bagong mga disipolo ay ketong at kailangang harapin sa simbahan sa Bagong Tipan.

Itinuturing ng Kasulatan si Miriam at ang kanyang ministeryo sa kahalagahan ng pagtrato kina Moises at Aaron at ang kanilang mga ministeryo. Sina Moises at Aaron ang lugar at oras ng kanilang kamatayan na binanggit sa Bibliya, gayundin ang oras ng kamatayan ni Miriam at ang lugar na binanggit, ***"1 At ang mga anak ni Israel, sa makatuwid baga'y ang buong kapisanan ay nagsipasok sa ilang ng Zin nang unang buwan: at ang bayan ay tumahan sa Cades; at si Miriam ay namatay doon, at inilibing doon." (Bilang 20:1 KJV)***

Ang ministro ni Mariam ay napakahalaga at isinaalang-alang siya ng Banal na Kasulatan kasama ni Moises at Aaron sa pangunguna sa bayan ng Dios pag-ahon mula sa pagkaalipin sa Egipto, tulad ng sinabi ng Dios sa mga Israelita, ***"4 Sapagka't ikaw ay aking iniahon mula sa lupain ng Egipto, at tinubos kita sa bahay ng pagkaalipin; at aking sinugo sa unahan mo si Moises, si Aaron, at si Miriam." (Mica6:4 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang kinabukasan ng simbahan at ministeryo ay nakatali sa bunga ng ministeryo ng mga nakatatandang kapatid at ng mga nakatatandang disipulo patungo sa nakababata. Dalangin ko para sa iyo na mabuksan ang iyong mga mata at mapagtanto ang lahat ng katotohanang ito at isagawa ang mga ito at gumawa kasama ng Dios sa pagpapalaki ng bagong saling lahi na nagmamalasakit at nagmamahal sa iba.

Manalangin tayo…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagtuturo sa aking pananagutan patungo sa mga nakababatang kapatid at sa nakababatang mga mananampalataya. Panginoon salamat para sa lahat ng aral, ng pagtutuwid, ng pagsaway, at ng pagpapayo na tinanggap ko mula sa iyo.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan at talkdan ang mga ito. Talikdan ang kasalanan ng kawalan ng pag-aalaga at paggiging responsable sa iba lalo na sa iyong nakababatang mga kapatid at bagong mga mananampalatay kay Crsito. Ipagtapat at talikan na hindi ka handang maging bantay para sa iyong nakababatang kapatid at para sa bagong mga alagad. Magsisi at talikdan ang iyongg pagnanaghili, galit, pagkamasarili, pakikipaglaban, at pakikipag aaway sa iyong nakababatang kapatid at sa bagong mga alagad. Magsisi sa iyon kawalang kahandaang magdusa para kay Cristo at maglingkod sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ______________________________________________.*

*Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na tumalima sa iyong Salita sa paggawa ng iyong kalooban sa pagpapalaki ng isang responsableng bagong henerasyon at disiplinahin sila at sanayin sila na alagaan ang kanilang nakababatang kapatid at ang bagong mga mananamapalatay kay Cristo. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at ng mabuting kalusugan at ng pagtitiis upang kamitin iyon. Panginoon sa pagsunod ko sa iyo kung gayon tuparin ang iyong mabuting pangako sa akin at sa aking inapo, ito ang lahat ng aking hiling at panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na nagisisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay na sundin ang iyong Salita at ang utos na tinanggap nila sa mensaheng ito. Panginoon gamitin ang kanilang buhay na magdala ng bunga na nais mong makita sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon pagpalain sila, protektahan sila at bigyan sila ng kalakasang alagaan at gawin ang ministrong bantay tungo sa kanilang nakababatang kapatid na lalaki at babae at sa bagong mga alagad. Panginoon ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan sa gayo'y patuloy silang yumaon at gawin ang iyong kalooban. Panginoon pagpalain sila at gawing mabuting patotoo ang kanilang buhay sa iba upang paglingkuran ka.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan, at tulungan kami na patuloy na magsanay sa aming mga nakatatadang mga anak sa aming pamilya na alagaan at bantayan ang kanilang mga nakababatang kapatid at patuloy na alagaan at sanayin ang mga nakatatanda at mga alagad na bantayan ang mga bagong mananampalataya at bagong mga alagad. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin yumaon at paglinggkuran ka; magevamgelio, gumawa ng mga alagad, pagsasanay sa mga manggagawa at magtanim ng maraming pag-aaral ng Bibliya at kapisanan. Panginoon tupdin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan at pagsasakatupan ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com